

Fair PharmaCare Income Review



Bumaba ba ang net income ng iyong pamilya nang 10% o higit pa sa nakaraang dalawang taon? Maaaring makakuha ka ng karagdagang tulong sa pamamagitan ng Fair PharmaCare Income Review (pagsiyasat sa iyong kita).

Puwede kang mag-aplay para sa Pag-review ng iyong Kita kung:

- ikaw ay nakarehistro para sa Fair PharmaCare; at
- nagbigay ka ng iyong pahintulot sa Health Insurance BC na suriin ang iyong kita sa Canada Revenue Agency.

Paano ako mag-aaplay para sa isang Income Review?

Kailangan mong punan ang isang pormularyo ng aplikasyon at ipadala ang mga dokumento upang makumpirma ang impormasyon sa iyong kinikita.

Ang pormularyo ng aplikasyon ay nasa aming website sa: www2.gov.bc.ca/assets/gov/health/forms/5355fil.pdf

O tumawag sa **Health Insurance BC:**

604-683-7151 (mula sa Vancouver)

1-800-663-7100 (walang bayad)

Maaari ka lamang mag-aplay para sa kasalukuyang taon kaya mag-aplay bago ng ika-31 ng Disyembre. Ang Health Insurance BC (HIBC) ang nangangasiwa sa PharmaCare at sa Medical Services Plan

Anong mga dokumento ang kailangan kong ipadala para makumpirma ang aking kita?

Matatagpuan mo ang mga impormasyong iyon sa pormularyo ng aplikasyon.

Sino ang magre-review ng aking aplikasyon?

Ang Health Insurance BC. Susuriin nila ang iyong kita sa pamamagitan ng mga dokumentong ipinadala mo.

Kailan ko malalaman kung naaprubahan ang aking aplikasyon?

Sa loob ng isang buwan, padadalhan ka ng sulat ng Health Insurance BC para sabihin sa iyo kung naaprubahan ang iyong aplikasyon.

Tandaan: Maaaring hindi magawang masuri kaagad ng Health Insurance BC ang iyong kita hangga't hindi nakukuha ang impormasyon mo sa buwis para sa taong iyon. Kung nakatanggap ka ng sobrang tulong, kailangan mong bayaran iyon sa PharmaCare.

Mabibilang ba ang mga nakaraang gastos sa mga de-resetang gamot sa aking deductible kung ito ay binabaan?

Oo. Kapag nakarehistro ka para sa Fair PharmaCare:


- bago ang ika-1 ng Enero ng taong ito, ang lahat ng iyong karapat-dapat na mga gastos para sa taong ito ay karaniwang mabibilang sa iyong deductible.
- Sa o pagkatapos ng ika-1 ng Enero ng taong ito, tanging ang karapat-dapat na mga halaga lamang mula nang ikaw ay magparehistro ang karaniwang kabilang sa iyong deductible

Mabuti ding malaman na:

- Maaari kang makakuha ng refund kapag ang iyong mga karapat-dapat na mga gastos sa de-resetang gamot, bago ng iyong income review, ay mas mataas kaysa sa iyong bagong deductible.
- Kung kwalipikado ka para sa refund, padadalhan ka ng Health Insurance BC ng isang tseke sa tagsibol ng susunod na taon.
- Kung ang halaga ng utang sa iyo ay higit pa sa 2% ng netong kita ng iyong pamilya, maaari kang humiling ng mas maagang pagbabayad.

How does Fair PharmaCare work?

Sa ilalim ng Fair PharmaCare plan, babayaran mo ang halaga ng mga may resetang gamot ng iyong pamilya hanggang sa umabot ka sa deductible. Kapag naabot mo na ang iyong deductible, tutulungan ka ng PharmaCare sa mga karapat-dapat na gastos para sa natitirang bahagi ng taon.



Maaari mong kuwentahin ang iyong deductible at family maximum gamit ang calculator sa www.gov.bc.ca/pharmacare/fairpharmacare-estimator

Ano ang mga "karapat-dapat" na gastos?

- Ang karapat-dapat na mga gastos ay ang maximum na halaga na babayaran ng PharmaCare para sa de-resetang gamot, medical supply, o isang dispensing fee ng parmasya.
- Tanging ang mga karapat-dapat na gastos lamang ang mabibilang sa iyong **deductible** at **family maximum** (tingnan sa ibaba).

Ano ang aking "deductible"?

- Ang deductible ay ang halaga ng pera na kailangang gastusin ng iyong pamilya sa bawat taon para sa mga karapat-dapat na de-resetang gamot at medical supplies bago simulang bayaran ng PharmaCare ang **70%** ng iyong mga karapat-dapat na gastos.
- Ang mga pamilyang may kasamang isang taong ipinanganak bago ng 1940 ay makakatanggap ng 75% coverage.

Ano ang aking "family maximum"?

- Ang family maximum ay ang halaga ng perang kailangang gastusin ng iyong pamilya sa bawat taon bago simulang bayaran ng PharmaCare ang 100% ng iyong karapat-dapat na mga gastos.

Magkano ang tulong na maaari kong makuha?

Ang tulong ay batay sa iyong family net income sa nakaraang dalawang taon. Halimbawa, ang antas ng tulong para sa 2009 ay batay sa iyong family net income para sa 2007.

- Ang **net income** ay ang iyong kita sa Line 236 ng iyong income tax return, hindi kabilang ang anumang mga kabayaran sa Universal Child Care Benefit at kita sa Registered Disability Savings Plan na iyong natanggap.
- Kabilang ka sa iyong **pamilya**, ang iyong asawa at sinumang mga umaasang anak na nasa parehong B.C. Medical Services Plan contract mo at ng iyong asawa.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Fair PharmaCare?

Bisitahin ang aming website upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Fair PharmaCare o upang magparehistro para sa plan. Maaari ka ring tumawag sa Health Insurance BC. Mangyaring tingnan ang mga impormasyon sa ibaba.

Impormasyon sa kung paano makipag-ugnay sa Fair PharmaCare

Magparehistro para sa Fair PharmaCare:

www.gov.bc.ca/fairpharmacare/registration

Bisitahin ang aming website sa:

www.gov.bc.ca/pharmacare

Tumawag sa Health Insurance BC (HIBC)

Mula sa Vancouver at Lower Mainland, tumawag sa:

604-683-7151

Mula sa iba pang dako ng B.C., tumawag sa:

1-800-663-7100

Ang Health Insurance BC (HIBC) ang nangangasiwa sa PharmaCare at sa Medical Services Plan. Ang mga Customer Service Agent ng HIBC ay matatawagan: Lunes hanggang Biyernes, 8:00AM-8:00 PM at Sabado 8:00 AM-4:00 PM.